








| MATATAG Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan | | Baitang/Alap | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro | | Asignatura | Language 1 |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo | WEEK 8 | Markahan | Kwarter 1/ Ikawalong Linggo |


| | Unang Araw | Ikalawang Araw | Ikatlong Araw | Ikaapat na Araw | Ikalimang Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | The learners demonstrate developmentally appropriate language for interacting with others in the classroom, and expressing meanings about familiar topics; they engage with and enjoy listening to a range of texts; and recognize familiar images, icons, and symbols in their environment. | | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | The learners use their developing vocabulary to talk about themselves, their families, and other everyday topics; they follow teacher's instructions and answer questions. They listen to and respond to stories; and identify images, icons, and symbols from the environment and familiar texts. | | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts). LANG1CT-I-3<br>a. Note and describe main points (e.g., main characters and events)<br>b. Sequence up to three (3) key events<br>c. Infer the character's feelings and traits<br>d. Predict possible endings<br>e. Relate ideas or events to one's experience | | | | |
| *D. Mga Layunin* | Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts).<br>a. Note and describe main points (e.g., main characters and events) | Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts).<br>b. Sequence up to three (3) key events | Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts).<br>c. Infer the character's feelings and traits<br>e. Relate ideas or events to one's experience | Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts).<br>d. Predict possible endings | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Note and Describe Main Points** | **Sequencing Events** | **Character's Feelings and Traits** | **Predict Possible Endings** | **Ikaapat na Lagumang Pagsusulit** |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| *A. Sanggunian* | MATATAG Curriculum Language CG 2023 Pahina 31 | MATATAG Curriculum Language CG 2023 Pahina 31 | MATATAG Curriculum Language CG 2023 Pahina 31 | MATATAG Curriculum Language CG 2023 Pahina 31 | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | power point presentation, activity sheets, pictures, video presentation | power point presentation, activity sheets, pictures, video presentation | power point presentation, activity sheets, pictures, video presentation | power point presentation, activity sheets, pictures, video presentation | Summative Test Papers |

| IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Panimulang Gawain | Panuto: Alam niyo ba ang mga kwentong ito?<br><br><br><br><br> | Manuod Tayo!<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=nrv495corBc<br><br><br>Ano ang unang nangyari?<br>   | Panuto: Kilalanin kung kaninong damdamin ang ipinahahayag ng mga tuwirang sinasabi ng bawat tauhan.<br><br>1. “Ti[illegible] ang [illegible] kapatid [illegible]<br><br><br>2. “Liza, anong ginagawa mo rito?”<br><br>3. “Sorry Mikel sa ginawang panlalait sa iyo ni Martin.”<br><br>4. “Mabuhay! Ang bagong kasal. Mabuhay!<br><br>5. “Bakit kaya hindi nila ako matanggap? Paa lang naman ang kakaiba sa akin.”<br> | Panuto: Hulaan ang posibleng wakas ng kuwento.<br><br>Ang lalaki ay nagbabasa ng libro habang naglalakad, hindi niya napansin ang balat ng saging na nasa sahig.<br><br>Tanong:<br>1. May wakas ba ang kwento?<br>2. Ano kaya ang susunod na mangyayari? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Mga bata, ngayong araw ay pag-aaralan natin ang mga elemento ng kwento. | Mga bata, ngayong araw ay pag-aaralan natin kung paano magsunod sunod ng mga pangyayari. | Mga bata, ngayong araw ay pag-aaralan natin ang mga elemento ng kwento. | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang pagbibigay ng wakas o katapusan sa isang kwento. | |
| Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin | Unlocking of Difficulties:<br>>tauhan - ay isang elemento ng sanaysay o maikling kwento na nagbibigay buhay at gumaganap sa mga pangyayari. | Unlocking of Difficulties:<br>> pagkakasunod - ay isang paraan ng pagbubuod, kung saan mahalaga ang kasanayan sa pagkuha ng mga pangunahing kaisipan ng bawat talata o pangungusap sa kwento. | Unlocking of Difficulties:<br>>damdamin - ng isang tao na hindi nagagawa ng pisikal kundi ng mental at sikolohikal na gawain na makikita sa kilos, gawa, o ang ugali ng isang indibidwal. | Unlocking of Difficulties:<br>>wakas - huling bahagi o yugto ng isang pangyayari, kuwento, proseso, gawain, o kaganapan kung saan ito natatapos na. | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | | |
| Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya | Panuto: Kilalanin ang mga karakter. Saang palabas mo sila napanuod o nakita?<br>1. <br>2. <br>3. <br><br>Si *Ming-Ming, Mr. Crab*, at *Sadness* ay ang mga tauhan sa kwento.<br><br>Ano ang tauhan? | **Panuto:** Pagsunud sunurin ang mga pangyayari. Lagyan ng bilang 1-3.<br> | Umawit Tayo!<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=6go4djRH57M<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ano anong emosyon ang binanggit sa awit?<br>2. Ano ang nararamdaman mo ngayon?<br>3. Sa mga anong pangyayari mo nararanasan ang ganitong mga emosyon o damdamin? Magbigay ng halimbawa. | Panuto: Hulaan ang posibleng wakas ng kuwentong napakinggan.<br><br>1. Si Aiza ay may halaman sa harap ng bahay. Araw-araw ay dinidiligan niya ang mga halaman. Inaalis niya ang mga tuyong dahon at mga kulisap na naninirahan sa mga halaman. Minsan naman, binubungkal niya ang paligid ng mga halaman. Nilalagyan din niya ng pataba ang lupa kaya _______________.<br>a. namatay ang mga halaman<br>b. lumago at lumaki ang mga halaman | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | -ang mga taong gumanap sa isang kwento.<br><br>Halimbawa:<br>-kuneho<br>-pagong | | 4. Gaano ba ka importante ang paggamit ng emosyon kapag tayo ay nakikipag-usap o nakikipag-talastasan? | c. natuyo ang mga halaman<br><br>2. Maagang pumapasok sa paaralan si Kian. Pagdating niya sa paaralan ay naglilinis agad siya. Nakita ito ng kaniyang guro. Pinagsabihan si Kian ng guro ng __________.<br>a. ang kulit mo<br>b. mag-aral ka pa<br>c. masipag kang bata<br><br>3. Dumalo sa kaarawan ng kaniyang kaibigan si Nicole. May dala siyang regalo. Binuksan ng kaniyang kaibigan ang regalo ni Nicole. Natuwa siya dahil ito ay isang manika. Ito ay inilagay niya sa _____________.<br>a. bubong<br>b. lagayan ng laruan<br>c. baul | |
| Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Panuto: Kilalanin ang mga lugar sa larawan. Saang lugar kaya ang mga ito?<br>1.  | Panuto: Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Ayusin ang pagkakasunod sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagsulat ng bilang 1-3. | EMOSYON KO, HULAAN MO!<br>Panuto: Suriin ang larawan. Tukuyin ang damdamin o emosyong nakikita sa larawan.<br> | Sagutin ang mga tanong at ilahad ang posibleng wakas ng kuwento.<br><br>Ang Pamilyang Matulungin<br>Ni: Teresa P. Barcelo | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. <br>3. <br>Ang Bikini Bottom, Bahay ni Dora at Bahay ni Nobita ay halimbawa ng Tagpuan.<br><br>Ano ang tagpuan?<br>-ang lugar kung saan nagana pang isang kwento.<br><br>Halimbawa:<br>Sa kagubatan<br>Sa paaralan<br>Sa tahanan | 1. Binalatan ko ang itlog.<br>Nilagyan ko ito ng asin.<br>Ito ay aking kinain.<br><br>____ ____ ____<br><br>2. Kumain ako ng maraming kendi.<br>Sumakit ang ngipin ko.<br>Pumunta kami sa dentista.<br><br>____ ____ ____<br><br>3. Nagtanim ako ng kamatis.<br>Nagbunga ang kamatis.<br>Kinain ko ang kamatis.<br> | <br><br><br><br>Itanong:<br>-Ano-anong ang mga emosyon ang ipinakita kanina?<br>-Alin sa mga emosyong ito ang madalas mong nararamdaman? | Likas sa mga Pilipino ang pagiging matulungin. Habang papunta ang mag-anak na Padolina sa probinsiya, nakita nila ang isang pamilyang nangangailangan ng tulong. Umuusok ang sasakyan nila. Nasa labas ng sasakyan ang mga kasamang bata habang hinihintay na makumpuni ang kanilang sasakyan. Makikita sa kanilang mukha ang gutom at pagod. Iyak nang iyak ang mga bata.<br>Tinulungan ng pamilya Padolina ang pamilyang nasiraan ng sasakyan. Inabutan nila ng pagkain ang mga bata. Pagkatapos magawa ang sasakyan sabay-sabay na rin silang umalis sa lugar na iyon.<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang simula ng kwento?<br>2. Ano ang kasunod ng kwento?<br>3. Ano ang naging wakas ng kwento? | |

<table>
<tr>
<td>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya</td>
<td>Panuto: Tukuyin kung ano ang ipinapakita sa larawan?<br><br>1. <br><br>2. <br>3. <br>Ang pagkawala ng pusa, pang-aasar sa bata at paglalaro ng mga bata ay mga pangyayari.<br><br>Ano ang pangyayari?<br>-ang mga mahahalagang naganap sa isang kwento.<br><br>Halimbawa:<br>Nagkaroon ng paligsahan sina Pagong at Kuneho.</td>
<td>Magbasa Tayo!<br><br>Si Rambo<br>Ni: Daisy M. Doral<br><br>Masayang naglalaro sina Faye at Erick sa likuran ng kanilang silid-aralan. Hindi nila napansin si Rambo, ang aso ni Gng. Malou Valdez, na mahimbing na natutulog sa ilalim ng puno ng mangga.<br>“Naku! Tinamaan natin ng bola si Rambo”, gulat na sabi ni Erick. Nilapitan niya ang aso upang kunin ang bola na tumama sa aso. Nang biglang kinagat ang kaniyang binti. Aray! Biglang napatakbo papalayo sa aso si Erick. Nabigla rin si Faye.<br>Humingi sila ng tulong kay Binibining Ana. Agad na dinala ni Bb. Ana si Erick sa gripo at tinapat ang bahaging nakagat na binti. Sumunod na hinugasan ng sabon sa loob ng limang minute. Pagkatapos ay dinala sa Animal Bite Center upang mabigyan ng antirabies vaccine.<br>Mula noon hindi na sila naglalaro o lumalapit sa hindi nila alagang aso o kay Rambo.</td>
<td><br>Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag ng Emosyon o Damdamin<br>Maraming paraan ng pagpapahayag ng emosyon o damdamin. Isang paraan ang paggamit ng padamdam na pangungusap na nagsasaad ng masidhing damdamin, gayundin ang mga pahayag na nagtatanong.<br>Ipinakikita ng kasunod na mga halimbawa na ang tandang padamdam at maging ang tandang pananong ay ginagamit ding signal sa pagpapahayag ng ilang masidhing damdamin. Maging ang gamit ng bantas na tuldok ay maaaring magamit sa pagpapahayag ng emosyon o damdamin nang ayon sa nilalaman nito.<br>Halimbawa:<br>1. Paghanga: Wow! Ganda! Matindi! Galing!<br>2. Pagkagulat: Sus! Grabe! Aba! Sobra!<br>3. Takot: Inay! Huwag! Sunog!<br>4. Tuwa: Yehey! Salamat! Wow!<br>5. Pag-asa: Harinawa. Sana nga.<br>6. Pagtataka: Bakit? Talaga?<br>Ang isa pang paraan ng pagpapahayag ng emosyon o damdamin ay pangungusap na tiyakang nagpapadama ng damdamin ng nagsasalita.<br>Halimbawa:<br>1. Totoong galit na galit ako sa iyo.</td>
<td>Ano ang kuwento?<br>Ito ay produkto ng malikhaing isip ng tao at naipahahayag ito sa pamamagitan ng pagsusulat, pagda-drama o sa pagsasa-pelikula. Maaring ito ay totoo o gawa-gawa lamang.<br><br>Ano ang wakas?<br>Ang wakas ay ang huli o katapusan ng isang kuwento. Ito ang kinalabasan o bunga ng kuwento. Ito rin ang resolusyon o ang kahihinatnan ng kuwentong binasa.</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Panuto: Pagsunud sunurin ang mga larawan batay sa napakinggang kwento. Lagyan ng bilang 1-3.<br> <br> | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Paglalapat at Paglalahat | *Tandaan:*<br>Ang mga bahagi o element ng kwento ay ang mga sumusunod:<br>-Tauhan<br>-Tagpuan<br>-Pangyayari | Tandaan:<br>Ang mga pangyayari sa kwento ay napagsusunod sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang, una, pangalawa, at huli. | Tandaan:<br>Mahihinuha natin kung ano ang damdamin at katangian ng tauhan batay sa kaniyang sinasabi, ginagawa o iniisip. | **Paano mo mahuhulaan ang posibleng wakas ng kuwento?**<br>Ang kasanayan sa pag-unawa upang makapagbigay ng hinuha at hula sa posibleng wakas ng kuwento ay mahalaga. Kapag nauunawaan ang nilalaman ng kuwento ay madali itong mabibigyan ng posibleng wakas. | |
| Pagtataya ng Natutuhan | Panuto: Gumuhit ng iyong sariling tauhan, tagpuan, at pangyayari.<br><br>1. Tauhan: | Panuto: Iguhit sa loob ng kahon kung ano ang pagkakasunod sunod ng paggawa ng peanut butter sandwich. Sundin ang mga paraan sa ibaba. | Panuto: Suriin ang mga pangungusap at tukuyin kung anong emosyon ang ipinapahayag? Iguhit ang sagot sa patlang. | Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang titik ng wakas sa sumusunod na talata. Isulat ang sagot sa kwaderno. | |

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Tagpuan:<br>[ ]<br><br>3. Pangayayari:<br>[ ] | Kumuha ng dalawang pirasong cream bread.<br><br>Pahiran ito ng peanut butter.<br><br>Pagsamahin ang dalawang pirasong cream bread.<br><br>Pwede mo na itong kainin.<br><br>[ ]<br>[ ]<br>[ ]<br><br>[ ] | ______1. Hala! Nahulog ang bata sa kanal!<br>______2. Wow! Napakaganda ng tula!<br>______3. Tigilan niyo nga ako!<br>______4. Woo! Sinagot na niya ako!<br>______5. Naku po! Parang mag multo yata rito. | ______1. Nais ni Mang Gusting na kumite nang malaki sa pangingisda. Napagpasyahan niyang gumamit ng dinamita.<br><br>______2. Subsob sa trabaho si G. Ramos. Nagpapalipas pa siya ng gutom. Gabi na rin siyang umuwi galing sa trabaho. Kinabukasan nanghihina ang katawan niya.<br><br>______3. May proyekto ang barangay ukol sa paligsahan sa kalinisan ng bakuran. Lumahok sina Aling Pina. Pinakamalinis ang kanilang bakuran. Bukod pa rito, ito ay may naggagandahang mga halaman. Maraming humanga sa kanilang bakuran.<br><br>a. Nagwagi ang bakuran ni Aling Pina.<br>b. Ayaw na niyang pumasok.<br>c. Nagkasakit siya.<br>d. Napahamak si Mang Gusting sa paggamit ng dinamita. | |
| Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa | | | | | |

<table>
<tr><td>Remediation (kung nararapat)</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Mga Tala</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Repleksiyon</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Takdang-Aralin</td><td>Panuto: Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba. Tukuyin kung ito ay tauhan, tagpuan, o pangyayari.<br><br>1. <br>2. <br>3. </td><td>Panuto: Iguhit ang paboritong gamit. Iguhit o sabihan ang mga paraan upang hindi masira o mawala ang paboritong gamit.<br><br>Paborito kong Gamit<br><br>Mga Gagawin ko Para Hindi Masira o Mawala ang Paborito Kong Gamit</td><td>PILIIN MO AKO!<br>Pumili ng isang emosyon o damdamin na nais mong ipahayag. Maaaring ito ay paghanga, tuwa, pag-asa, takot, pagkagulat pagtataka, at iba pa. Gumuhit o magpinta ng larawan na kumakatawan sa iyong piniling emosyon.<br><br>Rubrics:<br><table><tr><td>Pagkamalikhain</td><td>5</td></tr><tr><td>Mensahe</td><td>5</td></tr><tr><td>Kabuuang presentasyon</td><td>5</td></tr></table>TOTAL = 15PTS.</td><td>Panuto: Balikan ang kwento “Si Langgam at si Tipaklong”. Bigyan ito ng ibang wakas. Tayahin ang nabuong wakas sa sumusunod na pamantayan. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br>Interpretasyon:<br>Napakahusay: 4-5<br>Mahusay: 2-3<br>Magsanay pa: 0-1<br><table><tr><th>Pamantayan</th><th>Puntos</th></tr><tr><td>Kaangkupan sa pangyayari o detalye ng kuwento</td><td>5</td></tr><tr><td>Binubuo ng dalawa o higit pang pangungusap</td><td>5</td></tr><tr><td>Wastong gamit ng salita</td><td>5</td></tr><tr><td>Kabuoan</td><td>15</td></tr></table></td><td></td></tr>
</table>